REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig City

**OFFICE OF THE SECRETARY**

Marso 31, 1995

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 117, s. 1997

PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA PAGSASALIN 2000:
TUNGUHIN AT KALAKARAN

Sa Mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampamahalaan at Pribadong Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan sa Wika, Ink. (PSW) sa pakikipagtulungan ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at Sentro ng Wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, ay magdaraos ng pambansang seminar sa wika (Pagsasalin) sa Abril 7-9 sa UP Visayas, Miag-ao, Iloilo.

2. Ang tema ng Kongresong ito ay "Pagsasalin 2000: Tunguhin at Kalakaran". Layunin ng seminar na:

a. matalakay ang "state of the art" ng pagsasalin lalo na sa wikang Filipino;

b. makabuo ng mga angkop at mabisang prinsipyo at metodo ng pagsasalin sa konteksto ng nasyonalismo at ng globalisasyon; at

c. mapahalagahan ang silbi ng pagsasalin sa wikang Filipino at ng Filipino sa pagsasalin.

3. Kaugnay nito, inaanyayahang dumalo ang lahat ng mga superbisor, tagapangulo; guro sa lahat ng mga paaralang sekundarya at tersyarya pribado man o pang-estado; lahat ng interesadong magsalin; at mga nangangailangang magsalin.

4. Ang bayad sa kongreso na sasagutin ng eskwelahan/institusyon ng delegado ay isang libo't walong daang piso (P 1,800.00) para sa akomodasyon, pagkain, kit at miryenda at mga materyales na ipamimigay. Ang bayad sa transportasyon, per diem at iba pang gastusin ng mga delegado ay sasagutin din ng eskwelahan/institusyon na magpapadala sa kanila.

5. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Dr. Ofelia Jamilos-Silapan
President, PSW
Tel. #9209478

Prof. Ligaya Tiamzon-Rubin
Chairman, DFPP
Tel. #9244899
College of Arts and Letters
UP Diliman, Quezon City
(sa mga taga-Luzon at Mindanao)

Prof. Carmen I. de los Santos
Sentro ng Wikang Filipino
U.P. Visayas, Miag-ao, Iloilo
Tel. #(300) 7-05-50
Fax: 335-0106
(sa mga taga-Visayas)

6. Ang agarang pagpapalaganap ng Memorandum na ito ay inaasahan.

ERLINDA C. PEFIANCO
Undersecretary
Officer-In-Charge

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
CONFERENCES
LANGUAGE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS